



ISELCO-I BOD President, nahalal na Presidente ng EC Council of Leaders

Isa na namang karangalan para sa ISELCO Uno na mahalal ang Presidente ng Hunta Direktiba ng kooperatiba, Dir. Presley C. De Jesus, bilang bagong Presidente ng Electric Cooperatives (EC) Council of Leaders noong Pebrero sa taong ito na ginanap sa Sequoia Hotel, Quezon City.



Ang EC Council of Leaders ay kinabibilangan ng mga liderato ng allied organizations na may kinalaman sa pagpapatakbo ng electric cooperatives sa bansa tulad ng Philippine Electric Cooperatives Association (PHILRECA), National Center of Electric Cooperative Consumers, Inc. (NCECCO), National Association of General Managers of Electric Cooperatives (NAGMEC), Phil. Federation of Electric Cooperatives (PHILFECO), Association of Board of Directors of Electric Cooperatives, Inc. (ABDEC), Rural Electrification Financing Corporation (REFC), Phil. Association of Institutional Managers (PHILAIM), Phil. Association of Technical Managers of Electric Cooperatives (PHILATMEC), Phil. Association of Electric Cooperatives Internal Auditors (PHILAECIA) at iba pa.

Electric Cooperatives (PHILATMEC), Phil. Association of Electric Cooperatives Internal Auditors (PHILAECIA) at iba pa.

turn page II

GM Montano, bagong REFC Director

Nahalal bilang bagong Direktor ng Rural Electrification Financing Corporation (REFC) ang General Manager at Chief Executive Officer ng ISELCO-I, Engr. Virgilio L. Montano, sa ginanap na pagpipili sa nakaraang Annual General Membership Assembly noong ika-4 ng Agosto 2018 sa Pasig City.

Ang REFC ay kaagapay ng mga Electric Cooperatives (EC) sa bansa upang matugunan ang kanilang mga pinansyal na pangangailangan sa pamamagitan ng pagbibigay ng supplemental loans upang higit na mapalawig at mapaganda ang serbisyo para sa member-consumer-owners.

turn page 4



WHAT'S INSIDE?

Epitome of Leadership and Perseverance	2
MCEP sa NELECA, Pinangunahan ng NEA Administrator	
NRECA 2018, dinaluhan ng ISELCO-I	3
621 pamilya sa ISELCO-I, benepisyaryo ng SEP	
Ano ang Tagumpay?	4
PHILRECA 2018, pinangunahan ni Pres. De Jesus	5
DISTRICT ELECTIONS 2018 CONDUCTED	
INTERNAL AUDIT AT WORK	6
Unang Grand Reunion ng mga Retiradong Empleyado sa ISELCO Uno	7
NELECA SPORTSFEST 2018: ISELCO-I, ITINANGHAL NA KAMPEON!	8
46th Foundation Day, ipinagdiwang ng ISELCO Uno	9
Pagpapatibay ng relasyon sa mga MCOs, seminar sa ISELCO Uno idinaos	
Pagpapalawig ng kaalaman at kaligtasan, seminar naganap para sa mga Linemen	10
Fund Run at Zumba para sa CSR ng Kooperatiba	
Thank You Song	11
EDITORIAL BOARD	
Management	
BOD	
Bayad Centers	12

EPITOME OF TRUE LEADERSHIP and PERSEVERANCE

We know that the voices of women have not always been at the forefront of history, even though women have always been shaping history.

When you come across a strong woman, you'll know it the moment she enters the room. She gives off a vibe of self-confidence that anyone could spot from a mile away, and she tackles any situation she faces head on.

Known for being fearless, yet compassionate, strongly opinionated, yet a good example, we see Dir. Conchita La Madrid-Palencia in the hallways of ISELCO-I with powerful a head-turning manner, always equipped with a smile on her face. Now on her second term as the director of Cauayan District, she is also a successful businesswoman and a natural leader. Amidst all this success, Dir. Palencia has her fair share of hurdles and humble beginnings.

Born October 23, 1959 in Minanga, Naguillian, Isabela, she is the 7th of eight (8) siblings. While many of us are fast asleep early in the morning, she used to walk miles through neighboring barangays selling vegetables and *banana cue* to fund for her books and allowances.

With the dream of helping her parents through education, she finished two courses in college - Junior Secretarial and Bachelor of Science in Education - at Saint Louis University-Baguio. She then started her career by teaching at Isabela Colleges-Cauayan and Our Lady of the Pillar College-Cauayan. Along the way, she finished her Master's Degree in Education at the Isabela Colleges.

Dir. Conchita M. Palencia believe that if you love something in your life, pursue it with confidence and it will be attained through hardwork and dedication. Albeit success in her career she pursued her true passion. She traded her career for business. And though problems don't really end, the important thing is the effort to persevere through the storms life tosses, and never allow a little rain to take away the sunshine.

Her heart has always been about helping and serving others and she believes in paying forward the blessings of her life through joining and spearheading several organizations.

Apart from being a businesswoman and ISELCO-Director, she is the Provincial President of *Kalipunan ng Lipig Pilipina* (KALIPI) which aims at strengthening and institutionalizing of national and local programs for women, Executive Vice-President of Isabela Provincial Green ladies Association, Inc. and an active member of *Lupon Tagapamayapa* in District 1-Cauayan. The true model of leading by example.

In every area of life, there are people deserving of a little extra attention for their efforts to make the world a better place. Too often, we hear about powerful men carving out innovative spaces, but it's about time women got the spotlight.

From Quezon, San Isidro, Isabela is a woman who rose from a simple family and was the fourth among five siblings. She was only nine when her mother was taken way too soon by a nasty disease. Starting then, her father worked even harder to send them to school. He loved and raised them the best he knew how.

Growing up without a mother has been close to tragic, a catastrophe that she has to endure. It was hard but she has to learn how to roll with the punches; to be happy and live life to the fullest.

She took up Bachelor of Science in Agri-Business at Isabela State University believing that agriculture is the backbone of economic growth since we are in an agriculture based country.

She got married just after graduation with Jefferson S. Gervacio, who was still then a Geodetic Engineering student at Northeastern College, Santiago City and were blessed with three children namely Clint Jefferson, Aron Jeff and Tristan Jeff.

Like any other couple, married life was never easy as it challenged them with trials and adversities. She worked as a receptionist in a hotel and experienced spending overtime working yet still insufficient for their needs. They decided to engage into farming as additional source of living to be able to send her husband to school and continue his studies. As a fruit of all their sacrifices, her husband was able to finish his degree in Geodetic Engineering and passed the licensure examination; now working at the Department of Public Works and Highways (DPWH).

She landed a job within the locality of San Isidro as the Barangay Bookkeeper of the Local Government Unit, and, came 2015, with the advent of RA 10531, otherwise known as the National Electrification Administration (NEA) Act of 2013, guidelines on qualification of the candidates for electric cooperative directorship had become stringent. She was then one of the few qualified to be a member of the Board of Directors. The Multi-Sectoral Advisory Council of the district appointed her as the district's representative to the ISELCO-I Board of Directors and was later on recognized by NEA.

In the pursuit for continuous public service, her father, Mr. Silvestre Somera, a former barangay captain who also happened to be a former employee and director of the cooperative, convinced her to run as ISELCO-I Board of Director. She was hesitant but due to her father's advice and experiences, she accepted the challenge and filed her candidacy for election.

She won unopposed in the district election and now serving her second term helping the member-consumer-owners up to the most far flung area of San Isidro to have a taste and enjoy electric service even on her own expense. Out of her generosity, she has also extended free service drop wires and kilowatt-hour meters to indigent consumers of the town.

Director Sharon Somera-Gervacio commits to serve the public and feels fulfillment in every accomplishment and assistance she was able to extend as she always say, "Only a Life Lived in the Service to Others is Worth Living". She is indeed a Filipina, beautiful with a heart.



MCEP sa NELECA, Pinangunahan ng NEA Administrator

Personal na pinangunahan ng Administrador ng National Electrification Administration (NEA), Mr. Edgardo R. Masongsong, sampa ng kanyang mga kasama ang unang Member Consumers Empowerment Program (MCEP) Seminar-Workshop sa Isabela I Electric Cooperative, Inc. (ISELCO-I), Victoria, Alicia, Isabela noong ika-10 at ika-11 ng Mayo na dinaluhan ng walong (8) kooperatibang kasapi ng Northeast Luzon Electric Cooperatives Association o NELECA.

Hangarin ng MCEP na patatagin at palawigin ang kaalaman at partisipasyon ng mga member-consumer-owners sa mga layunin, alituntunin at gawain ng electric cooperative tungo sa higit na epektibong paghahatid nito ng serbisyo sa taong bayan.

Binigyang diin ni Mr. Masongsong ang isa sa kanyang mga ambisyon partikular sa pag-aangat ng antas ng buhay ng bawat pamilyang Pilipino mula sa lower class patungo sa middle class at kaniyang hinamon ang mga Board

of Directors, General Managers, Department Heads at employado ukol sa kanilang malaking gampanin tungo sa pagkamit ng nasabing mithiin. Positibo naman ang reaksyon ng lahat ng EC na dumalo sa naturang programa na kinabibilangan ng Cagayan I Electric Cooperative, Inc. (CAGELCO-I), Cagayan II Electric Cooperative, Inc. (CAGELCO-II), Nueva Vizcaya Electric Cooperative, Inc. (NUVELCO), Quirino Electric Cooperative, Inc. (QUIRELCO), Ifugao Electric Cooperative, Inc. (IFELCO), Kalinga-Apayao Electric Cooperative, Inc. (KAELOCO), Isabela II Electric Cooperative Inc. (ISELCO-II) at ng host na kooperatiba (ISELCO-I).

Naging mabunga ang nasabing seminar dahil sa mga mahuhusay na tagapagsalita na nanggaling pa sa Bukidnon Second Electric Cooperative, Inc. (BUSECO) na sina Mr. Florgene A. Sumintan, HRAS Division Chief; Mr. Juancho T. Chiong, Branch Manager; at Mr. Urbano "Bong" Talibong, NEA MCEP Consultant. Dumalo din sina Mr. Mario Alcantara at Mr. Arnel P. Galarpe ng NEA.



NRECA 2018, dinaluhan ng ISELCO-I

Dinaluhan nina Dir. Presley C. De Jesus at Engr. Virgilio L. Montano ang taunang pagpupulong ng National Rural Electric Cooperative Association (NRECA) sa Nashville, Tennessee, USA noong ika-25 hanggang ika-28 ng Pebrero 2018.

Ang pagtitipong ito ay kinabibilangan ng mga electric cooperatives sa Amerika gayundin ng mga Board Presidents at General Managers ng Triple A Electric Cooperatives mula sa Philippine Rural Electric Cooperatives Association (PHILRECA).

"Leading The Energy Future" ang tema ngayong taon kung saan ay ibinahagi ng mga kilalang eksperto at tagapagsalita ang mga trends, hamon at solusyon sa mga isyu na kinakaharap ng industriya ng elektripikasyon.

Ayon kay GM Montano, ilan sa mga naging topiko ay patungkol sa safety, operation improvement, at ang paggamit ng renewable energy. Kaniyang ibinahagi na marapat lamang na bigyang halaga ng ECs ang kaligtasan ng

bawat kawani nito lalong-lalo na ang mga linemen. Sinabi pa niya na patuloy din dapat ang innovation ng bawat kooperatiba sa paghahatid ng serbisyo sa mga Member-Consumer-Owners (MCO), at mahikayat sila sa paggamit ng renewable energy sources tulad ng solar, wind, hydro at iba pa.

Dahil sa napag-aralang bagong estratehiya at makabagong-likha, layunin ng General Manager na magamit ang mga ito para sa operasyon ng kooperatiba.



621 pamilya sa ISELCO-I, benepisyaryo ng SEP

621 pamilya sa siyam (9) na bayan at dalawang (2) lungsod sa loob ng prangkisa ng ISELCO Uno ang nabigyan ng libreng pakuryente mula sa programang Sitio Electrification Program (SEP) ng Department of Energy (DOE) at National Electrification Administration (NEA) sa taong ito.

Ang SEP ay naglalayong maihatid ang kuryente sa bawat pamilyang Pilipino bilang pagtugon sa layunin ng gobyerno na makamit ang isang daang porsyentong elektripikasyon sa bansa. Ang programa ay nakatuon sa mga kabahayan na hindi pa naaabot ng serbisyo ng kuryente partikular sa mga sitio.

Ang mga sumusunod ay ang kumpletong talaan ng napailawang tahanan sa bawat bayan at lungsod sa ISELCO-I:

SITIO/BARANGAY	BAYAN/LUNGSOD	BILANG NG NAPAILAWANG TAHANAN
Core Shelter 2, Mabini	Alicia	9
Sitio MV, Burgos	Alicia	25
Purok 3, Dipaluda	Angadan	24
Sitio Albano, Dipaluda	Angadan	17
Sitio Nagsarian, Bannawag	Angadan	55
Purok 1, La Paz	Cabatuan	9
Purok 4, La Paz	Cabatuan	9
Purok 7, Nagrumbuan	Cauayan City	27
Sitio Taleb, Dallao	Cordon	30
Sitio Ramel, Camarao	Cordon	20
Sitio Maliblibeg, Camarao	Cordon	20
Sitio Kabayabasan, Turod Sur	Cordon	10
Sitio Bisares, P-7, Sta. Maria	Echague	43
Sitio Tut-ub, Rumang-ay	Echague	7
Sitio Delmendo, Busilelao	Echague	27
Purok 1, San Salvador	Echague	7
Sitio Salat, Diara	Jones	23
Sitio Lazaon, Bantay	Jones	21
Sitio Justo, Linomot	Jones	32
Sitio Cipilan, Namnama	Jones	12
Sitio Quilang, Dicamay	Jones	35
Sitio Winingit, Dicamay 2	Jones	40
Sitio Idmilao, Dadap	Luna	16
Sitio Miguel, San Sebastian	Ramon	9
Sitio Lanuza, Baluarte	Santiago City	34
Sitio Sagnip, Nabban	Santiago City	10
Purok 1, Villa Gonzaga	Santiago City	41
Purok 2, Gomez	San Isidro	9

Bilang kaagapay ng NEA sa pagpapatupad ng mga programa nito, puspusang tinapos ng mga kawani ng ISELCO Uno ang nasabing proyekto sa pakikipag-ugnayan sa mga Local Government Units na kinabibilangan ng napailawang mga sitio. Hindi alintana ng

SEP team ng kooperatiba ang mga hirap at pagod na kanilang dinanas sapagkat nakapaghatis na naman sila ng bagong pag-asa sa mga pamilyang ilang dekada na ring naghahangad na magkaroon ng kuryente.

ANO ANG TAGUMPAY?

Nalathala sa isang magasin ang buod ng buhay ng isang coach ng isang laging nananalang koponan ng basketbol. Sa loob ng mahaba at makulay na pagko-coach niya, lulong na lulong siya sa laro at sa pananalo. Ngunit pagkaraan ng ilang taon, dinapuan siya ng kanser at noon niya natanto ang kawalan ng kabuluhan ang mga bagay at kaugaliang kanyang kinabiliwan noon, "Nagkasakit ka at nasabi mo sa sarili, 'Ang sports pala ay walang kabuluhan' at masakit sabihin ito."

Dahil napakaikling panahon ang ginugol niya sa piling ng asawa't anak, naihayag niya: "Naisip ko noon na 20 taon akong magpapatanyag—siguro mananalo akong mga tatlong pambansang titulo, at magpapahinga sa gulang na 53 o 54...at pagpupunan ang pagkukulang ko sa kanila noong panahong lagi akong wala...parang kamangmangan lahat ngayon... Ngunit nagpatuloy ako nang nagpatuloy sa walang kasiyahan kong pagnanais na pagtagumpayan ang mundo."

Tayo? Natuklasan ba natin ang kawalang kabuluhan ng tagumpay at palakpak ng mundo? – ang kawalang saysay ng tagumpay na ito na nagbubunga ng pagkabuwag ng kaayusan ng pamilya at esperitwal na buhay na sa wakas ay siyang pinakamahalaga? May panahon pa para ibahin ang direksyon ng ating mga layunin. Salamat sa kagandahang-loob ng Dios at ngayon din maibabaling natin ang ating direksyon at magsimulang mabuhay para kay Cristo. Iyan ang mabuhay nang walang pagsisisihan.

Kung mundo'y makamtan, di si Cristo Ay anong saysay ng buhay ko?
Masisiyahan kaya ang puso
Sa mundong lahat naglalaho

Pinagmulan: Ang Ating Pang Araw-Araw na Pagkain

from page 1....

GM Montano...

Ayon kay GM Montano, siya'y nagpapasalamat sapagkat nabigyan siya ng pagkakataon na mapasama sa labindalawang bagong direktor ng REFC sa loob ng isang taong termino. "I will try my best as a technical man, kailangan kong ma-i-share kung ano man ang pwede kong i-share for the improvement of the corporation", dagdag pa niya.

Nagagalak naman ang buong ISELCO-I sa patuloy na pagkilala sa mga pinuno ng kooperatiba hindi lamang sa rehiyon kundi sa buong bansa.

PHILRECA 2018, pinangunahan ni Pres. De Jesus

Sa unang pagkakataon ay matagumpay na pinangunahan ng bagong Presidente ng Philippine Rural Electric Cooperatives Association (PHILRECA) na si Dir. Presley C. De Jesus ang 39th PHILRECA Annual General Membership Meeting and 1st PHILRECA - PHILFECO Joint Convention na idinaos sa General Santos City, South Cotabato noong ika-16 hanggang ika-19 ng Agosto, taong kasalukuyan.

Naging makabuluhang tema ng pagtitipon na "One EC-MCO Movement: United We Stand, Divided We Fall" dahil sa 122 na kabuuang bilang ng Electric Cooperatives (ECs) sa Pilipinas ay 121 ang dumalo sa taunang pagtitipon na ito. Maituturing itong isang makasaysayan bahagi sa kwento ng Philippine rural electrification sapagkat nagsanib pwersa ang ECs sa bansa na hindi alintana ang kanilang grupong kinauugnayan at kinaroroonan.

Ilan sa mga highlights ng tatlong araw na pagtitipon ay ang paglunsad ng ONE EC Network Foundation, pagprisinta ng Commemorative Solidarity Marker ng PHILRECA at PHILFECO, at pagpirma ng Tripartite Agreement / Memorandum of Understanding ng Department of Information and Communications Technology (DICT), NEA at PHILRECA.

Naging panauhing pandangal sina Davao City Mayor, Hon. Sara Duterte-Carpio at NEA Administrator, Mr. Edgardo R. Masongsong. Kanilang binigyang diin na ang ECs ay dapat magtulungan at magkaisa para sa kapakanan ng mga member-consumer-owners, habang buong suporta naman ang ISELCO-I Board of Directors, management, staff, at ilang MCOs sa mga programa at proyekto ng PHILRECA President upang maisagawa niya ito.



DISTRICT ELECTIONS 2018 CONDUCTED

by Estrella M. Andres

The Isabela I Electric Cooperative, Inc. conducted District Elections in three (3) towns of the fourth district of Isabela which include Echague District on January 6, 2018, San Isidro District on January 13, 2018, and San Mateo District on January 20, 2018 and one (1) town of the third district which is Alicia on January 27, 2018.

In line with passage of the R.A. 10531, known as the National Electrification Administration Reform Act of 2013, elections for Board of Directors will transpire every after three (3) years of service unless nobody qualifies due to the requirements needed.

For this year, the following candidates won the directorship in their respective districts:

District VI (Echague)	-	Ms. Perlita S. Sibalon (unopposed)
District IV (San Isidro)	-	Dir. Sharon S. Gervacio (unopposed)
Distirct III (San Mateo)	-	Dir. Nelson V. Agruda (opposed)
District V (Alicia)	-	Ms. Analiza B. Lantican (unopposed)

Elected Directors who will represent each town are responsible for creating policies, rules and guidelines geared towards in making the cooperative more efficient service-provider.

SAN ISIDRO



SAN MATEO



ECHAGUE



INTERNAL AUDIT AT WORK

by Manilyn C. Baldos, CPA

As one of the cooperative's partner in carrying out its vision and mission, the Internal Audit Department continuously performs its major functions to review the effectiveness of the control processes the management has put into place and to present objective findings and make recommendations for corrective measures.

The Financial Audit Division examines the cooperative's day-to-day collection transactions, to ensure that all collections are deposited intact and in time. All disbursements are being examined as well to avoid excessive and undue expenditures. To ensure the integrity of financial and accounting information, the financial auditors also conduct vouching to establish that the transactions recorded in the book of accounts are properly authorized.

On the other hand, the Operations Audit Division conducts regular inventory of property in order to safeguard the coop's assets. Operations Auditors perform audit of purchase orders and receiving reports to ensure conformity with procurement guidelines. The system auditor validates the disconnection and reconnection transactions of the coop and the technical auditor inspects the coop's lines and projects in order to provide excellent power service.

In order to help the cooperative in the achievement of its strategic objective under the internal process perspective that is to strengthen internal control and improve operational processes, procedures and policies, the Internal Audit Department will cooperatively work to design and implement the components of internal control which includes control environment, risk assessment, control activities, information and communication, and monitoring activities.

Rest assured that the Internal Audit Department will ceaselessly support the management towards the realization of its goals by formulating and recommending systematic measures with the ultimate result of reliable and accurate reports, effective and efficient operations, and adherence to standards and policies.

ALICIA



Unang Grand Reunion ng mga Retiradong Empleyado sa ISELCO Uno

ni Narson Karlo C. James

Dinaluhan ng mga dating empleyado ng ISELCO-I ang unang grand reunion ng kooperatiba noong Abril 20, 2018 na ginanap sa Arthur Hall, ISELCO-I Headquarters, Victoria, Alicia, Isabela.

Ang okasyon ay may temang "Remembering Memories, Celebrating Success, Honoring Legacies", bilang pagkilala sa mga naging alala ng empleyado sa ISELCO-I at ang kanilang kontribusyon sa kooperatiba sa nagdaang taon. Ito rin ay pagkakataon upang makita at makasama muli ang kanilang dating kasamahan at kaibigan sa trabaho.

Naglibot ang mga nagsidalo sa loob ng *state-of-the-art headquarters* ng ISELCO-I at sa mga bagong pasilidad ng kooperatiba tulad ng Silaw Eco-park, Fitness Room at Arthur Hall na pinangunahan ng Department Managers. Sinimulan ni General Manager & CEO, Engr. Virgilio L. Montano, ang salu-salo sa pamamagitan ng isang mensahe kung saan ay kaniyang naturan ang pagkakaroon noon ng maraming hamon sa loob ng organisasyon na siyang nagtulak sa mga empleyado para pagbutihin at pagandahin ang pagtatrabaho upang makamit ang kanilang mga layunin para sa kooperatiba at matomo ang mga masayang tagumpay. Dumalo din sa pagtitipon ang dating General Manager ng ISELCO-I, Engr. Romulo G. Gapusan; dating Manager ng North Area Operation Management Department, Ms. Linda T. Ramones; dating ISELCO-I Board of Director, Ms. Florinda P. Alejandro at kaniyang asawang Provincial Board Member, Mr. Manuel A. Alejandro.

Idinaos din ang pagpipili ng mga opisyales sa mga retiradong empleyado ng ISELCO-I Member-Consumer-Owners (MCO) kasabay sa pagdiriwang ng kanilang pagtitipon sa grand reunion. Isang karangalan sa kooperatiba na magkaroon ng isang koponang mangunguna sa MCO para sa mga dating empleyado. Ang mga sumusunod ang nahalal na opisyales:

Chairman	- Ms. Josie A. Daguro
Vice Chairman	- Ms. Linda T. Ramones
Secretary	- Mr. Ricardo S. Bisares
Treasurer	- Ms. Editha Catcutan
Auditors	- Mr. Roque Tomas
Advisers	- Ms. Liwliwa B. Badiola - Mrs. Florinda Alejandro - Engr. Romulo G. Gapusan - Engr. Leopoldo Narciso

Dahil sa masayang karanasan ng bawat isa, naniniwala ang mga retiradong empleyado na ito pa lang ang simula ng marami pang grand reunions sa hinaharap.





NELECA SPORTSFEST 2018: ISELCO-I, ITINANGHAL NA KAMPEON!

ni Nicomar R. Gaoat



sang napakalaking katuparan para sa Northeast Luzon Electric Cooperatives Association, Inc. (NELECA) ang katatapos lang na NELECA Sportsfest 2018 dahil ito ang unang pagkakataon sa kasaysayan kung saan ang lahat ng siyam (9) na miyembro: Batanes Electric Cooperative, Inc. (BATANELCO), Cagayan I Electric Cooperative, Inc. (CAGELCO I), Cagayan II Electric Cooperative, Inc. (CAGELCO II), Ifugao Electric Cooperative, Inc. (IFELCO), Isabela I Electric Cooperative, Inc. (ISELCO-I), Isabela II Electric Cooperative, (ISELCO-II), Kalinga-Apayao Electric Cooperative, Inc. (KAELOCO), Nueva Vizcaya Electric Cooperative, Inc. (NUVELCO) at Quirino Electric Cooperative, Inc. (QUIRELCO) ay dumalo upang makipagkumpitensya sa iba't-ibang larong pampalakasan.

CAGELCO I ang nagsilbing punong-abala sa tatlong araw na talastasan ng galing, lakas at kasanayan sa iba't-ibang palaro na ginanap mula ika-7 hanggang ika-9 ng Hunyo taong kasalukuyan kung saan hindi nagpapigil ang mga atleta sa init ng lungsod ng Tuguegarao.

Naganap ang pambungad na seremonya sa Leonardo N. Mamba Gymnasium ng Cagayan Sports Complex, lungsod ng Tuguegarao, kung saan nagbigay ng panimulang pagbati si Gov. Manuel N. Mamba at si Dir. Presley C. De Jesus, Presidente ng ISELCO-I Hunta Direktiba,

NELECA at PHILRECA naman ang nagbigay ng pambungad na mensahe. Sinundan ito ng patimpalak ng talento sa pagsyaw o Cheerdance Competition.

Si Mr. Edgardo R. Masongsong, Administrador ng NEA, ay nagbigay ng inspirational message sa unang gabi ng palaro kung saan naganap rin ang Search for Ms. NELECA 2018 kung saan nagwagi ang kalahok ng CAGELCO I, samantalang nakuha naman ng ISELCO-I ang puso ng mga hukom at madla sa Duet Singing Competition.

Ang ikalawang gabi ay nagbigay diin sa tema ngayong taon: "Unity in Diversity through NELECA Sportsfest" kung saan ang bawat koop ay lumahok sa socialization at fellowship night.

Sa huli, ISELCO-I ang naghari at nakuha ang titulong Over-all Champion na may 835 kabuuang puntos. Sinundan ito ng CAGELCO II bilang 1st Runner-up na may 730 puntos at ng CAGELCO I na may 665 puntos.

Ang sumusunod ay ang mga napanalunan ng ISELCO-I:

CHAMPION

- Basketball - Men's Senior
- Basketball - Men's Junior
- Volleyball - Men
- Dart - Men's Doubles
- Chess - Women
- Badminton - Women's Doubles
- Track & Field - 50m Dash - Women's Junior
- Track & Field - 8 x 50m Relay - Mixed Senior
- Track & Field - 4 x 100m Relay - Men's Senior
- Duet Singing Competition

1st RUNNER-UP

- Volleyball - Women
- Dart - Women's Singles
- Badminton - Women's Singles
- Table Tennis - Men's Doubles
- Table Tennis - Women's Doubles

2nd RUNNER-UP

- Badminton - Men's Singles
- Dart - Women's Doubles

3rd RUNNER-UP

- Chess - Men
- Cheerdance Competition

46th Foundation Day, ipinagdiwang ng ISELCO Uno

Masayang ipinagdiwang ng pamilyang ISELCO Uno kasama ang mga opisyales ng National Electrification Administration (NEA) ang ika-46 na taon nitong anibersaryo ng pagkakatataug noong Marso 24, 2018 sa ISELCO-I Headquarters, Victoria, Alicia, Isabela.

Ang tema ng pagdiriwang ay "Pag-unlad ng sambayanang Pilipino, matatagpuan sa serbisyon kalidad ng ISELCO Uno" na binigyang diin ng NEA Administrator, Mr. Edgardo R. Masongsong, sa kaniyang mensahe bilang siya rin ang pangunahing panauhing pandangal. Kaniyang tinuran na malaki ang gampanin ng kooperatiba sa pag-unlad ng komunidad at sa pag-aangat ng kalidad ng buhay ng bawat member-consumer-owner na nasasakupan

nito. Naging panauhing pandangal din ang Chairman ng National Center of Electric Cooperative Consumers, Inc. (NCECCO), Ret. Gen. Akmad M. Mamalinta.

Higit na umalingawngaw ang kasiyahan ng programa nang ginanap ang Search for Mr. Clean 2018 kung saan ay rumampa ang mga panot na empleyado ng kooperatiba na nagpakita ng kanilang talento at husay sa pagsagot ng mga katanungan. Iginawad ang titulo bilang Mr. Clean 2018 kay Mr. Cresencio Valerozo, Jr. habang tinanghal naman bilang Mr. & Ms. Foundation Day 2018 sina Precious Charlotte Labuguen at Nicomar Gaoat.

Naging makulay din ang ISELCO-I Silaw Eco-Park dahil sa mga

naggagandahang kubo ng bawat departamento at mga masusustansyang pagkaing Pinoy na kanilang inihanda. Kinalaunan ay tinanghal na kampeon ang Technical Services Department sa ginanap na Competition on Filipino Healthy Foods and Kubo Presentation.

Binigyan din ng parangal ang mga empleyado na nakaabot ng kanilang 35, 30, 20, at 15 taong serbisyo sa kooperatiba bilang pagkilala sa kanilang katapatan at natatanging kontribusyon sa mga nagdaang taon.

Naniniwala ang mga kasapi ng kooperatiba na higit pang magiging makulay at masaya ang mga susunod na taon ng selebrasyon para sa ISELCO Uno.





Pagpapatibay ng relasyon sa mga MCOS, seminar sa ISELCO Uno idinaos

ni Christine M. Sinagose

Pagpapalawig ng kaisipan upang pangalagaan ang mga konsyumer ang hatid ng seminar na QUALITY CUSTOMER RELATIONS in dealing with Member-Consumer-Owners (MCOS) na ginanap sa Arthur Hall, ISELCO-I Headquarters, Victoria, Alicia, Isabela noong ika 26-27 ng Hunyo (Batch 1) hanggang ika 28-29 ng Hunyo (Batch 2), 2018.

Sa pangunguna ng binansagang tres marias na sina Ms. Regina Filoteo, Ms. Claire Quetua, at Ms. Rina Tayco nagmula sa National Electrification Administration (NEA) mga panauhing

tagapagsalita, ipinamulat nila sa mga kasapi ng seminar na pinagsama-samang Teller, Branch Office Supervisors, Line Foremen, Linemen, Consumer Welfare Desk Officers, Power Use Coordinators at Area Engineers na kailangang matuto ang bawat isa na itrato ng maayos ang mga MCOS.

Nagsagawa ng iba't-ibang aktibidades gaya ng dula-dulaan at poster making na nagpapahayag kung ano ang misyon nila para sa pangangalaga sa mga tapat na konsyumer at upang maipahayag ng mabuti sa mga empleyado kung paano nila



tutugunan ang iba't-ibang ugali ng mga MCOS at lalong-lalo na kung paano din sila pasasayahan at maramdaman bilang kapamilya ng ISELCO Uno.

Sa makatuwid, naiparamdam at naipakita sa mga empleyado ang kahalagahan ng MCOS sa kooperatiba, mabigyan sila ng magandang serbisyo, maintindihan sa lahat ng pangangailangan na kailangang tugunan at mapanatili ang katapatan ng mga ito sa ISELCO Uno.

Pagpapalawig ng kaalaman at kaligtasan, Seminar naganap para sa mga Linemen

ni Engr. Rochelle V. Gumpal

Idinaos ang seminar na Distribution System Lineman Enhancement Course upang mapanatili ang kaligtasan ng bawat isa at makangalap ng kabuuang kaalaman ang mga linemen ng ISELCO-I sa kanilang trabaho at responsibilidad bilang empleyado. Naganap ito noong ika 18-22 ng Hunyo sa Arthur Hall, ISELCO-I Headquarters, Victoria, Alicia, Isabela.

Pinangunahan ng Principal Engineer na si Engr. Felipe B. Radin nagmula sa National Electrification Association (NEA) ang pagpapalaganap ng masusing impormasyon para sa Lineman ng ISELCO-I; pinagtibay nya ang kaalaman para sa kaligtasan dahil isa sa pinakadelikadong trabaho sa bansa ay ang pagiging isang lineman. Dahil dito, nangangailangan ito ng masusing kasanayan at pag-iisip upang mapanatili ang kaligtasan sa ano mang oras ng trabaho. Mga makabagong paraan at kagamitan din ang inilahad upang mapahusay ang serbisyo at maging ligtas ang pamamahagi ng kuryente sa mga konsyumer. Ibinahagi din dito ang mga estratehiya upang bumaba ang system loss ng kooperatiba.

mas napatibay ang pagiging responsible ng mga lineman ng ISELCO-I para sa mamamayan. Tunay ngang kaligtasan ang

dapat bigyang pansiñ at pangalagaan hindi lamang sa mga mamamayan kundi sa ating mga lineman.



Thank You Song

by Batanes Electric Cooperative, Inc.
(BATANELCO)

We have no other words to say
For the kindness done to us
Thank you, thank you, thank you

We will not forget
We owe you a debt
That we must repay you
Somehow, someday

We will always count on you
For the help you've given us
Thank you, thank you, NELECA

Our special thanks, thanks to you
For the help you've given us
Thank you, thank you.. ISELCO-I

from page 1....

ISELCO-I BOD President...

Mapapag-alaman na ito na ang ikaapat na titulo ng Direktor bilang isang Presidente sa industriya ng elektripikasyon kung kaya't siya ay binansagang "The Quadruple President" bilang siya ang kauna-unahang direktor na naging Presidente ng ISELCO-1 Board of Directors, Northeast Luzon Electric Cooperatives Association (NELECA), Philippine Rural Electric Cooperatives Association, Inc. (PHILRECA) at ng EC Council of Leaders.

Sa kabilang ipinakitang gilas at tagumpay sa karera ay kaniyang iniuugnay ang lahat ng karanganan na kaniyang natanggap sa ISELCO Uno kung saan siya ay unang nakilala bilang isang dedikado at mahusay na lider.

Fund Run at Zumba para sa CSR ng Kooperatiba

ni Precious Pearl A. Agustin



sinagawa ang "Fund Run at Zumba" ng kooperatiba upang makalikom ng pondo para sa Corporate Social Responsibility (CSR) noong ika-14 ng Pebrero 2018 sa ISELCO-I Headquarters, Victoria, Alicia, Isabela na dinaluhan ng mga empleyado nito.

Ang nasabing aktibidad ay nag-umpisa eksakto alas singko ng umaga sa pamamagitan ng isang warm-up activity na pinangunahan nina Christine Sinagose at Precious Pearl Agustin.

Nakilahok sa nasabing aktibidad ang laging nakasuportang General Manager na si Engr. Virgilio L. Montano kasama ang mga empleyado ng kooperatiba na nagpapatunay na hindi lamang sa poste at kuryente magagaling ang mga taga-ISELCO Uno kundi maging sa sports at dance floor din.

Mapabata man at matanda, lahat ay umindak sa pagsayaw at inenjoy ang pagtakbo; ngiting masaya ang makikita sa mga labi ng bawat empleyado na hindi ininda ang matinding pagod.

Sa pamamagitan ng kaganapang ito ay nakalikom ng halaga ang kooperatiba upang makapaghahid ligaya sa mga nangangailangan ng tulong. Sa kaunting halaga na naipamahagi ng bawat empleyado, maraming puso ang nagalak dahil bukas-palad na tumutulong ang mga empleyado ng ISELCO Uno sa kapwa tao.

EDITORIAL BOARD

ENGR. VIRGILIO L. MONTANO
Executive Editor

AGNES C. AMBROSIO, DPA
Managing Editor

PRECIOUS ANN S. ORIA
Staff Writer

ESTRELLA M. ANDRES
ETHELVIDA A. FERNANDEZ
MANILYN C. BALDOS
PRECIOUS PEARL A. AGUSTIN
PRECIOUS CHARLOTTE L. LABUGUEN
NICOMAR R. GAOAT
NARSON KARLO C. JAMES
CHRISTINE M. SINAGOSE
MARY JOY O. PALENCIA
Contributors

NICOMAR R. GAOAT
Contributing Layout Artist

FLORANTE A. GONZALES
RONALD M. OTANES
Photographers

DIR. PRESLEY G. DE JESUS
DIR. BRENDON R. LAZARO
DIR. EDUARDO S. BAYANI
DIR. CONCHITA M. PALENCIA
DIR. NELSON P. MAÑALAC
DIR. NELSON V. AGRUDA
DIR. SHARON S. GERVACIO
DIR. RODOLFO T. CRISTOBAL, JR.
Advisers

ISELCO-I HOUR

BOMBO RADYO-DZNC, CAUAYAN CITY
1st Saturday of the month
(11:45 AM-12:00 NN)

DWDY, CAUAYAN CITY
2nd Friday of the month
(3:30-4:00 PM)

DWSI, SONSHINE RADIO, SANTIAGO CITY
3rd Friday of the month
(3:30-4:00 PM)

DWMX, SANTIAGO CITY
Last Friday of the month
(3:30-4:00 PM)

THE MANAGEMENT

ENGR. VIRGILIO L. MONTANO, REE, MBA
General Manager & CEO

ENGR. ABRAHAM C. BALINGUE, REE, MBA
Manager, Technical Services Department

AGNES C. AMBROSIO, DPA
Manager, Institutional Services Department

ELENITA V. MEDRANO, MBA
Manager, Energy Trading/CorPlan Department

LEIZZA M. NIGUIDULA, CPA
Manager, Finance Services Department

EVARISTA T. ZUNIEGA
Manager, North Area Operation Management Department

VICENTE B. DEL ROSARIO, JR. CPA, MBA
Manager, South Area Operation Management Department

MANILYN C. BALDOS, CPA
OIC, Internal Audit Department

BAYAD CENTERS

Union Bank (Nationwide)
Producers Bank (Cauayan, San Mateo, Alicia, Santiago & Cordon)
Primark Savemore, Echague

Rural Bank of Alicia

SM City Cauayan

Primark Savemore, Cauayan City

Asia United Bank, Cauayan City

PBCOM, Cauayan City

Xentro Mall – Savemore, Santiago City

Savemore – Dubinan East, Santiago City

Robinsons Place, Santiago City

China Savings Bank, Santiago City

Veterans Bank, Santiago City

UCPB, Santiago City

Maybank, Santiago City

RCBC, Santiago City

EC Pay

CIS Bayad Center